
Ipinakikilala namin sa inyo ang mga ilang pagbabago at katangian ng **bagong sistema ng pagboto** para matulungan kayong humanda para sa pagboto:

- ☑ Mas Madaming Bilang ng mga Ranggo sa mga Labanang Ranked-Choice Voting (Pagboto sa Pamamagitan ng Pagraranggo ng mga Piniling Kandidato)
- ☑ Mas Pinadaling Pagmamarka ng Balota
- ☑ Bagong Ballot-Marking Device (Aparatong Pangmarka ng Balota) na may Pinahusay na mga Katangiang Accessible
- ☑ Pinahusay na Transparency (Pagiging Bukas sa Pagsisiyasat) ng Eleksyon
- ☑ Mataas na mga Pamantayan para sa Seguridad

## Mas Madaming Bilang ng mga Ranggo sa Labanang Ranked-Choice Voting

Pinapayagan ng bagong pormat ng balota, na may grid layout (mga linyang patayo at pahalang), na bigyan ng mga botante ng ranggo ang hanggang 10 kandidato sa labanang ranked-choice voting, sa halip na tatlong kandidato noong nakaraan. Bisitahin ang *sfelections.org/rcv* para mag-practice sa pagmarka ng balotang pandemonstrasyon.




## Mas Madaling Pagmarka ng Balota

Sa pagmamarka ng balota, pupunan ng mga botante ang oval sa tabi ng kanilang seleksyon, sa halip na pagkokonekta ng mga arrow noong nakaraan. Magpapatuloy ang paggamit ng mga botante ng bilingguwal na mga balota, sa wikang Ingles at Tsino, Espanyol, o Filipino.

## Bagong Ballot-Marking Device na may Pinahusay na mga Katangiang Accessible


Magkakaroon ang bawat botohan at sa Sentro ng Botohan sa City Hall ng accessible na ballot-marking device, gamit ang mga audio at touchscreen na inter-face. Akma ang device na ito sa assistive technology, gaya ng keypads, sip-and-puff (kagamitang gumagamit ng presyon ng hangin sa pamamagitan ng paghigop o pagbuga), at head-pointers (aparatong panturo na nakasuot sa ulo).

Hindi nag-iimbak o nagbi-bilang ng mga boto ang mga ballot-marking device. Kailangang i-print ng mga botante ang kanilang balota at ipasok ito sa ballot-scanning machine (makinang ginagamit sa pag-scan ng balota) na nagbibilang ng mga binotohang balota.


## Pinahusay na Transparency ng Eleksyon

Magkakaroon ang bawat botohan ng ballot-scanning machine, na kumukuha ng imahe at binibilang ang mga binotohang balota. Maiimbak sa memory card ng machine ang mga na-scan na imahe sa mga binotohang balota at datos ng mga bilang ng mga boto.

Ilalathala ng Departamento ng mga Eleksyon ang mga imahe ng mga na-scan na balota, na ang bawat isa ay may mga tala na ipinapaliwanag kung paano nabasa at nabilang ng mga kagamitang pagboto ang mga marka sa balota, sa *sfelections.org*. Makikita ng publiko at maaaring suriin ang mga imahe ng balota para maikumpara ito sa opisyal na resulta ng eleksyon.




Magkakaroon ang bawat botohan ng ballot-scanning machine, na kumukuha ng imahe at binibilang ang mga binotohang balota.




Maaaring makita ng publiko ang mga imahe ng mga na-scan na balota sa *sfelections.org*.

# May Mga Katanungan?

Departamento ng mga Eleksyon
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102
Oras: Lunes – Biyernes
8 a.m. – 5 p.m.

Email: SFVote@sfgov.org
Telepono: (415) 554-4310
Fax: (415) 554-7344
TTY: (415) 554-4386

SAN FRANCISCO ELECTIONS

# Mga POP-UP Event sa Inyong Purok!

Sumali sa aming mga Pop-Up Event para sa Sistema ng Pagboto sa buong Lungsod para magkaroon ng aktuwal na pagsasanay sa bagong kagamitan para sa pagboto at sa bagong pormat ng balota.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang *sfelections.org*, tumawag sa (415) 554-4310, o bumisita sa aming tanggapan sa City Hall, Room 48.




# Mataas na Pamantayan para sa Seguridad

Natutugunan ng bagong sistema ng pagboto ang mga pamantayan sa seguridad at na-sertipika ito ng Kalihim ng Estado ng California para sa paggamit.

Walang parte ng sistema ang nagkokonekta sa internet, o nakatatanggap o nagpapadala ng datos sa kahit anumang ng external na communication network.

Bago sumapit ang bawat eleksyon, nagsasagawa ng pagsusuri ang Departamento ng mga Eleksyon sa lahat ng kagamitan para sa pagboto para mapatunayan na gumagana ang mga mekanikal na bahagi nito at eksakto ang lohiko nito. Bukas sa publiko ang pagsusubaybay nito.

# San Francisco, Kilalanin ang Inyong Bagong Sistema ng Pagboto

Magsisimulang gamitin ng mga botante ng San Francisco ang bagong sistema para sa pagboto sa **Nobyembre 5, 2019 na eleksyon**!




SAN FRANCISCO ELECTIONS